

# Pandemic Electronic Benefit Transfer (P-EBT)

## Madalas na Tinatanong (FAQ) ng mga Magulang/Tagapag-alaga

June 22, 2020

### Ano ba itong Pandemic Electronic Benefit Transfer?

Ang Pandemic Electronic Benefit Transfer (P-EBT) ay nagbibigay sa mga karapat-dapat o kuwalipikadong pamilya ng minsanang-ayuda na pera para sa bawat bata na dati ay tumatanggap ng libre o nabawasan-ng-presyo na pagkain. Ang P-EBT ay katulad din ng mga benepisyo sa Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP) at ito ay tutulong sa mga pamilya ng magkaroon ng kailangan nilang pagkain sa panahon ng pandemic. Ang P-EBT ay pangangasiwaan ng Department of Human Services (DHS) sa tulong ng Department of Education (DOE).

### Sino ang kuwalipikado na tatanggap ng P-EBT?

Kuwalipikado ang mga sambahayan o mag-anak kung:

- mayroon silang kuwalipikadong estudyante o mga estudyante na, kung hindi dahil sa pagsasara ng kanilang paaralan, sila ay nakatatanggap ng libre o nabawasan-ng-presyo na pagkain mula kanilang paaralan; AT
- mayroon silang estudyante na ang kanilang paaralan ay nagsara ng di kukulangin ng limang sunud-sunod na araw.

Kuwalipikado ang mga sambahayan sa Hawai'i kung mayroon silang mga estudyante na nakaenrol para sa libre o nabawasan-ng-presyo na pagkain o di kaya ay nakaenrol sa isang paaralan na nagbibigay ng libreng pagkain sa lahat na estudyante sa pamamagitan ng Community Eligibility Provision (CEP) o sa ibang pang probisyon. Makikita rito ang listahan ng mga paaralang CEP: <http://www.hawaiipublicschools.org/TeachingAndLearning/HealthAndNutrition/StudentHealthResources/Pages/CEP.aspx>

### Kailangan bang nakakakuha ako ng mga benepisyo sa SNAP upang kuwalipikado ako sa mga benepisyo sa P-EBT?

Hindi, di mahalaga kung nakakakuha ka ng benepisyo sa SNAP. Ang mga sambahayan sa Hawai'i ay kuwalipikado kung mayroon silang mga estudyante na nakaenrol para sa libre o nabawasan-ng-presyo na pagkain o di kaya ay nakaenrol sila sa isang paaralan na nagbibigay ng libreng pagkain sa lahat na estudyante sa pamamagitan ng Community Eligibility Provision (CEP) o sa ibang pang probisyon.

### Gaano kalaki ang mga benepisyo na aking matatanggap para sa P-EBT?

Ang mga sambahayan ay tatanggap ng mga benepisyo na katumbas ng isang libreng pananghalian at isang libreng almusal para sa bawat kuwalipikadong estudyante,

\$6.66 tuwing regular na araw ng pasok sa paaralan hanggang sa huling bahagi ng 2019-20 DOE taong paaralan. Kasama rito ang mga araw sa mga buwan ng March, April, at May.

Ang mga benepisyo ay retroaktibo sa March 16, 2020 hanggang May 28, 2020 para sa mga estudyante na kuwalipikado na tumanggap ng libre at nabawasan-ng-presyo na pagkain sa panahon na nagsara ang mga paaralan dahil sa Pandemic. Para sa mga estudyante na bago pa lamang na tumatanggap ng libre o nabawasan-ng-presyo na pagkain, ang kanilang benepisyo ay kanilang matatanggap sa simula ng buwan na ang kanilang pamilya ay napatunayan na kuwalipikado para sa libre o nabawasan-ng-presyo na pagkain o sa petsa ng pag-eeenrol nito sa isang paaralang CEP. Ang mga kuwalipikadong pamilya ay maaaring tatanggap, batay sa petsa ng kanilang sertipikasyon, o sa petsa ng pag-eeenrol sa paaralang CEP, ng mga sumusunod para sa bawat estudyante:

- \$80 para sa March
- \$147 sa April
- \$133 sa May

### Kailangan bang mag-aplay ako para sa P-EBT?

Hindi, ang DOE ang direktang magbibigay ng impormasyon para sa lahat na kuwalipikadong estudyante sa DHS. Ang mga sambahayan ay hindi kailangang mag-aplay para sa P-EBT. Kung naniniwala ka na may mga kuwalipikadong estudyante sa inyong sambahayan, ngunit hindi ka nakatanggap ng P-EBT hanggang sa July 20, 2020, mag-e-mail sa [hi.pebt@dhs.hawaii.gov](mailto:hi.pebt@dhs.hawaii.gov).

# Pandemic Electronic Benefit Transfer (P-EBT)

## Madalas na Tinatanong (FAQ) ng mga Magulang/Tagapag-alaga

### Paano ko kukunin ang pondo ng P-EBT?

Gagamitin ang sistema ng Hawai'i Kookua Card (EBT) upang maibigay ang pondo para sa LAHAT na kuwalipikadong estudyante. Ang mga pamilya na tumatanggap ng SNAP at/o tulong na pera mula sa DHS at mayroon na silang Kookua Card ang pondo ay maidadagdag sa kanilang hawak na kard. Ang mga pamilya na nawalan na ng Kookua Card ay makakatanggap ng napondohan nang Hawai'i P-EBT Card sa pamamagitan ng koreo.

Ang Kookua Card at ang Hawai'i P-EBT Card ay pareho ng gamit. Makikita ang karagdagang impormasyon tungkol sa Kookua Card sa: <http://humanservices.hawaii.gov/bessd/general-ebt-card-information-and-frequently-asked-question-and-answers/>

### Kailan ko matatanggap ang aking mga benepisyo sa P-EBT?

Ang mga benepisyo sa P-EBT para sa bawat kuwalipikadong estudyante na kasalukuyang tumatanggap ng SNAP at/o tulong ng pera ay mailalagay sa Kookua Card ng kanilang pamilya sa di lalampas ng unang linggo ng July.

Ang mga benepisyo sa P-EBT para sa bawat kuwalipikadong estudyante ng isang sambahayan na tatanggap ng Hawai'i P-EBT Card sa pamamagitan ng koreo ay mailalagay sa kanilang Hawai'i P-EBT Card mula sa unang lingo hanggang sa kalagitnaan ng July.

Kung hindi mo pa natatanggap ang inyong benepisyo sa P-EBT pagdating ng July 20, 2020, sumangguni sa DHS sa [hi.pebt@dhs.hawaii.gov](mailto:hi.pebt@dhs.hawaii.gov).

### Kung mas marami sa isa ang aking anak, makakatanggap ba ako ng magkaibang kard para sa bawat anak?

Ang lahat na kuwalipikadong estudyante na nakatira sa iisang adres na makikita sa rekord ng paaralan ay magkakaroon lamang ng iisang Hawai'i P-EBT Card na ang card account ay nasa pangalan ng pinakamatandang anak. Ang mga magulang/tagapag-alaga ay kailangan nilang i-activate ang kard alinsunod sa mga instruksyon na maipadadala kasama ng kard. Sa mga sitwasyon na hindi maaaring isama ang isang kuwalipikadong estudyante sa iisang kard, mapadadalhan ito ng ibang kard sa pamamagitan ng koreo.

### Ano ang mabibili ko gamit ng aking mga benepisyo sa P-EBT?

Ang P-EBT ay sumusunod din sa mga alituntunin kagaya sa mga benepisyo sa SNAP. Tingnan ang link na ito para sa karagdagang impormasyon: <https://www.fns.usda.gov/snap/eligible-food-items>

### Saan ko magagamit ang aking mga benepisyo sa P-EBT?

Ang mga benepisyo sa P-EBT ay maaaring magagamit sa kung saan tinatanggap ang bayad sa EBT, kasama na rito ang Farmer's Markets. Karamihan sa mga nagtitinda ay magkakaroon ng tanda na sila ay tumatanggap ng EBT o SNAP. Tingnan ang pinakamalapit na tindahan mula sa inyo: <https://www.fns.usda.gov/snap/retailer-locator>

### Magkakaroon ba ulit ng pondo ang P-EBT para sa bawat bata?

Hindi, iisang pondo o *lump-sum* ang maaaprubahan.

### Sarado ang paaralan ng aking anak, ngunit ang distrito na nakasasakop sa paaralan ay nagbibigay ng libreng pagkain. Makukuha ko pa rin ba ang P-EBT?

Oo, kung ang iyong mga anak ay kuwalipikado para sa P-EBT, makukuha mo ito kahit sa kasalukuyan ay tumatanggap ka ng libreng pagkain mula sa distrito.

# Pandemic Electronic Benefit Transfer (P-EBT)

## Madalas na Tinatanong (FAQ) ng mga Magulang/Tagapag-alaga

### Kailangan bang gastusin ko ng minsanan ang aking mga benepisyo sa P-EBT?

Hindi. Mabibigyan ng 180 na araw (6 na buwan) mula sa buwan na matatanggap ang mga benepisyo sa P-EBT para sa mga pamilya na may Kooka Card, o 180 na araw (6 na buwan) mula sa petsa na na-activate ang Hawai'i P-EBT Card, para magamit ang mga benepisyo sa P-EBT bago ito magpaso. Para sa mga pamilya na may Kooka Cards, ang mga benepisyo sa P-EBT ang awtomatiko na mauunang magagastos bago ang mga regular na benepisyo sa SNAP.

### Ang pagkuha ko ba ng mga benepisyo sa P-EBT ay magkakaroon ng epekto upang makakuha ako ng iba pang mga benepisyo?

Hindi.

### Kailangan ba na ako o ang aking anak ay isang U.S. citizen upang makatanggap ng mga benepisyo sa P-EBT?

Hindi. Ang mga benepisyong ito ay para sa lahat ng mga bata na nakaenrol para sa libre o nabawasan-ng-presyo na pagkain o nakaenrol sa isang paaralan ng nagbibigay ng libreng pagkain para sa lahat na estudyante sa pamamagitan ng Community Eligibility Provision (CEP) o sa iba pang probisyon.

### Ang aking pagtanggap ba ng mga benepisyo sa P-EBT ay gawing kontra sa akin sa ilalim ng pagiging alaga ng gobyerno o public charge?

Hindi. Ang pagtanggap ng mga benepisyo sa P-EBT ay walang kinalaman sa iyo o sa estado ng iyong anak sa imigrasyon. Ang public charge ay walang kinalaman sa mga benepiyos sa P-EBT.

### Ang aking anak ay pumasok sa isang paaralang Charter. Makatatanggap ba kami ng mga benepisyo sa P-EBT? Paano rin kung pumapasok sa isang pribadong paaralan?

Kung ang iyong anak ay nakatatanggap ng libre o nabawasan-ng-presyo na pagkain sa isang paaralang charter o pribado na nakikilahok sa National School Lunch Program o sa iba pang probisyon, sila ay makakakuha ng mga benepisyo sa P-EBT.

### Ang aking anak ay nakakuha ng libre o nabawasan-ng-presyo na pagkain sa paaralan. Paano ko malalaman kung ang paaralan ng aking anak ay nakikilahok sa National School Lunch Program? Sumangguni sa inyong paaralan o sa distrito at alamin kung sila ay nakikilahok sa National School Lunch Program.

### Nakikibahagi ako sa kustodya ng aking anak, sino ang magulang/tagapag-alaga ang makatatanggap ng Hawai'i P-EBT Card?

Ang Hawai'i P-EBT Card ay maipapadala sa pangunahing adres na nakalista sa paraalan ng estudyante.

### Ang aking anak ay nakaenrol sa isang child care center o sa isang family child care home na tumatanggap ng pagkain sa pamamagitan ng Child and Adult Care Food Program (CACFP). Ang aking anak ba ay kuwalipikado para sa P-EBT?

Hindi, ang mga bata na nakikilahok sa CACFP ay hindi kuwalipikado para sa mga benepisyo sa P-EBT. Ang mga kuwalipikadong estudyante ay kailangang mapatunayan na sila ay tumatanggap ng libre o nabawasan-ng-presyo na pagkain sa isang paaralan na nakikilahok sa National School Lunch Program o sa iba pang probisyon upang makatanggap sila ng mga benepisyo sa P-EBT.

### Ako ay kuwalipikado para sa P-EBT ngunit may mga katanungan pa ako? Kanino ako sasangguni?

Pwede kang sumangguni sa DHS sa pamamagitan ng email sa [hi.pebt@dhs.hawaii.gov](mailto:hi.pebt@dhs.hawaii.gov). Ibigay ang mga sumusunod na impormasyon: Ang iyong pangalan (pangalan at apelyido), Pangalan ng estudyante (pangalan at apelyido), Paaralan ng estudyante, SNAP o TANF case number (kung alam o magagamit), at ang iyong katanungan.